



Ang Pulang Lobo

Si Ana ay may pulang lobo. Masaya siya habang hawak ang lobo. Naglakad siya sa parke. Biglang umihip ang malakas na hangin. Lumipad ang pulang lobo. Nalungkot si Ana. Binigyan siya ng kaibigan ng bagong lobo.



Ang Pulang Lobo

Mga Tanong:

- 1. Sino ang may pulang lobo?**
- 2. Saan naglakad si Ana?**
- 3. Ano ang biglang umihip?**
- 4. Ano ang nangyari sa lobo?**
- 5. Sino ang nagbigay ng bagong lobo?**

Ang Munting Pusa

May munting pusa si Ben. Ang pangalan nito ay Mimi. Mahilig maglaro si Mimi. Isang araw, tumalon siya sa mesa. Nahulog ang isang tasa. Nagulat si Ben. Tinuruan niya si Mimi na huwag umakyat sa mesa.

Ang Munting Pusa

Mga Tanong:

- 1. Sino ang may pusa?**
- 2. Ano ang pangalan ng pusa?**
- 3. Ano ang hilig gawin ni Mimi?**
- 4. Saan tumalon si Mimi?**
- 5. Ano ang tinuro ni Ben kay Mimi?**



Tanim ni Leo



**Si Leo ay may maliit na paso.
Nagtanim siya ng buto. Diniligan niya
ito araw-araw. Lumipas ang ilang
araw. Tumubo ang maliit na halaman.
Tuwang-tuwa si Leo. Inalagaan niya
ang halaman.**



Tanim ni Leo



Mga Tanong:

- 1. Sino ang nagtanim ng buto?**
- 2. Ano ang mayroon si Leo?**
- 3. Ano ang ginawa niya araw-araw?**
- 4. Ano ang tumubo?**
- 5. Ano ang naramdaman ni Leo?**

Masipag na Bata

Si Mia ay masipag na bata. Gumigising siya nang maaga. Inaayos niya ang kanyang kama. Tinutulungan niya ang kanyang nanay. Nagwawalis siya ng sahig. Masaya ang kanyang nanay. Pinuri niya si Mia.

Masipag na Bata

Mga Tanong:

1. Sino ang masipag na bata?
2. Ano ang ginagawa niya sa umaga?
3. Ano ang inaayos niya?
4. Sino ang tinutulungan niya?
5. Ano ang ginawa ng nanay niya?